

1

Tinakpan ni Mai ang kanyang dalawang tainga gamit ang mahabang unan, ngunit dinig pa rin niya ang iyak ng sanggol mula sa kabilang bahay.

Fourteen hours ang flight niya mula Bristol hanggang sa Pilipinas. Wala pang sumundo sa kanya, kaya mag-isa siyang nag-taxi pauwi. Nagbakasyon daw sa probinsya ang caretaker ng kanilang bahay. Sampung taon na ang nakakaraan, ngayon lang siya ulit nakauwi mula nang mag-migrate ang pamilya niya sa Great Britain.

Madilim na pagdating niya kanina. Gutom man siya ay masyado na siyang pagod para lumabas at kumain. All she wanted was to sleep the whole night through. Ngunit paghiga pa lang ay binulahaw na siya bigla ng iyak ng sanggol.

Parang nananadya nga naman ang pagkakataon. Napakatahimik lang kanina na parang abandonado ang buong subdivision, ngunit nang matutulog na siya ay saka nagparamdam na may mga tao pa pala sa paligid.

She stayed put and closed her eyes tight, trying

to ignore the noise.

“Damn it!” asik niya at mabilis na bumangon. She just lost her temper. Halos isang oras na siyang nagtitiis, ngunit hindi na yata siya patatahimikin ng pesteng kapitbahay.

Lumabas siya ng balcony at nakita ang bukas na ilaw mula sa kuwarto sa tapat niya. Sigurado siyang doon nagmumula ang ingay.

“For goodness’ sake!” she yelled, her voice echoed like thunder in the midst of silence. “Hindi ba ninyo patatahimikin ’yang anak ninyo? Kanina pa ’yan umiiyak, ah. Gusto n’yo i-report ko kayo?”

Biglang bumukas ang sliding window at may kamay na humawi sa kurtina.

“Pasensya na po,” sagot ng isang lalaki. “Sinisipon kasi. Hindi makahinga.”

Kamay lamang nito ang nakita niya, ngunit kahit bumaba ang tono ng boses nito kumpara noong nakaraang sampung taon ay nakilala niya ito kaagad. “Then sipsipin mo ’yung uhog niya. Kanina pa siya umiiyak, eh. I am so tired. Pagpahingain n’yo naman ako.”

“Sorry. Ilalabas ko na lang siya sa sala.”

Isinara nito ang bintana. Namatay ang ilaw at unti-unting humina ang iyak ng sanggol hanggang sa wala na siyang marinig.

The silence relieved her. Taking a deep breath, Mai walked back into her room.

“Butiking ’yun,” nasambit niya sa sarili. “Buti naman at may nagkamaling mapangasawa siya.”

Kahit ilang taon pa siguro ang lumipas ay hindi makakalimutan ni Mai ang pagmumukha ng lalaking iyon. Ang sinabi ng mga kaibigan niya ay cute daw ito, ngunit salungat siya roon. Mata at ilong lang nito ang maganda. Pagtingin sa bibig nito ay turned off na kaagad ang sinumang babaeng makakita. Sungki-sungki ang mga ngipin ng lalaki kaya hindi maisara ang bibig. Pinuno man nila ng braces ngunit wala pa ring nagawang improvement. Bukod doon, ubod ito ng payat na kasing-lapad lamang ng mga braso niya ang mga hita nito. Higit sa lahat, ang lakas ng loob nitong makapanligaw sa kanya. Sampung beses na yata niya itong binasted, ngunit ayaw pa rin nitong sumuko.

Hindi naman siya ganoong conceited na dahil hindi guwapo ay ayaw na niya, ngunit bata pa siya noon at hindi niya talaga gusto ang lalaki. Ang kakulitan nito ang hindi niya natiis, kaya dumating

ang araw na naiirita na siya kapag nakikita niya ang pagmumukha nito.

But now he was married at siguro naman ay hindi na siya nito pag-iinteres pa. Ngunit mukhang under ito ng napangasawa. Ito pa ang umaasikaso sa sanggol at hindi ang asawa nito.

Inayos niya ang kanyang unan at muling humiga. Then all the words she uttered echoed in her mind, maging ang mga iniisip niya kanina lamang.

Hindi kaya masyadong marahas ang ginawa niya? Sa sobrang pagod ay hindi niya napigilan ang kanyang temper at hindi na niya inisip ang mga pinagsasabi niya.

This was one thing Mai hated about herself. Ubod siya ng sungit at suplada. Nakokonsyensya rin siya sa tuwing tinutuya niya ang lalaking iyon sa kanyang isipan. Kaya siguro siya tumatandang dalaga dahil sa ugali niya. Na-develop niya ang pag-uugali niyang ito nang magpunta siya ng Bristol. Napakarami kasing loko-lokong lalaki sa lugar na iyon, kaya natuto siyang magpakasuplada.

Kailangan siguro niyang humingi ng paumanhin. Mula pagkabata ay kapitbahay na niya ito at may mga panahon din namang naging maganda ang samahan

nila. Sa pag-uugali ay wala naman siyang masasabi sa lalaki. Mabait ito sa kahit kanino at matalino rin sa klase. Baka isipin nitong nakapunta lang siya sa ibang bansa ay nag-iba na ang kanyang ugali.

But that could wait until tomorrow. Masyado nang gabi para abalahin pa niya ang lalaki. Kailangan na rin niyang matulog.

“Sandali na lang, Baby,” ani Kell sa dalawang buwan na sanggol na tangan niya sa isang braso habang ang isang kamay ay abalang nagtitimpla ng gatas. Nawala na ang sipon nito, ngunit gutom naman ngayon ang iniiyakan.

“Quiet na, Baby,” aniya sa sanggol. “Baka magalit ulit ’yung masungit na babae sa kabila.”

Naalala niya noong nakaraang gabi, hindi man niya nakita ang mukha ng kapitbahay dahil madilim ang kinatatayuan nitong balcony ay batid niyang si Mai iyon. Bago nagbakasyon ang caretaker ng bahay ay ibinalita nito sa kanya na uuwi raw sa Pilipinas ang dalaga.

Makalipas ang sampung taon ay naisipan na rin ng kapitbahay niyang iyon na umuwi, pero unang gabi pa lamang nito ay bulyaw na ang ipinasalubong

sa kanya. Ikinagulat niya iyon dahil hindi ganoon ang kilala niyang ugali nito. Oo, maraming beses siya nitong binasted noon, ngunit ni minsan ay hindi pa niya ito nakitang nagalit nang ganoon.

Kung sabagay, matagal na panahon na ang lumipas. Siguro ay malaki na ang ipinagbago nito. Balita niya ay wala pa itong asawa. Dalawang taon ang tanda niya sa babae, kaya ibig sabihin ay twenty-six na ito sa ngayon.

Tumatanda na itong dalaga, ngunit kung ganoon ito kasungit ay talagang walang magkakagusto rito. Kahit siya man ay wala na rin sigurong balak na ligawan ito. Tama na ang sampung beses niyang pagkakabasted dito.

Masaya na siya sa lagay niya bilang single father ni Chad. Lubos man siyang nahirapan sa nakaraang dalawang buwan mula nang iwan ito ni Kristen sa ospital ay labis namang kaligayahan ang hatid nito sa kanya.

Naalala pa niya noong araw na tinawagan siya ng isang nurse at pinapupunta siya sa ospital. Pagdating niya roon ay isang liham ang iniabot sa kanya. Galing iyon sa ex-girlfriend niyang si Kristen at ayon sa sulat ay nagsilang ito ng isang lalaking sanggol at siya ang ama.

Akala noon ni Kell ay hindi pa siya handang harapin ang responsibilidad ng isang ama, ngunit nang masilayan niya ang sanggol ay kaagad na napalapit ang loob niya rito. Iniuwi niya ito at inalagaan habang hinahanap ang kinaroroonan ni Kristen.

Sa naunang isang linggo ay halos sumuko siya sa puyat at pagod. Walang sandaling hindi niya inasam na sana bumalik na ang dating nobya para may makatulong siya sa pag-aalaga. Handa na rin niya itong pakasalan kahit pa naglaho na ang dati niyang damdamin para rito, alang-alang sa kanilang anak.

But Kristen never returned. Dahil dalawang buwan lamang ang itinagal ng relasyon nila noon ay hindi niya nakilala ang mga magulang at mga kaibigan nito. He didn't know where to start searching, lalo na at napaka-common ng apelyido nito at napakarami nitong kapangalan. Para mapadali ang kanyang trabaho ay nagbayad na lamang siya ng isang taong maghahanap dito.

He knew that it wouldn't take long and the man he hired would eventually find her. Kung hindi man nito mahanap ang babae, it didn't matter anymore. Kayang-kaya niyang palakihing mag-isa si Chad.

The sound of the doorbell disturbed his thoughts.

Sa wakas ay dumating na rin ang anak ni Aling Marife. Maaasikaso na rin niya ang kanyang sarili.

Si Aling Marife ang binabayaran niyang yaya ni Chad kapag pumapasok siya sa trabaho. Nagkasakit daw ito kaya ang dalagita muna nito ang pansamantalang papalit.

Maingat niyang ibinaba sa crib si Chad at habang inaalog ang milk bottle ay binuksan niya ang pinto. Isang babaeng nakasuot ng maiksing shorts at tank top ang bumungad sa harapan niya.

For a moment, he was startled. Ang sinabi ni Aling Marife ay seventeen lamang daw ito, ngunit napaka-mature ng mukha nito. Nasa five three siguro ang taas nito na hindi nakakapagtaka dahil ganoon din katangkad ang nakatatandang babae. Ngunit sa kulay ay parang kape't gatas ang mag-ina. Maitim si Aling Marife ngunit itong anak nito ay napakaputi at napakakinis ng kutis. Hindi ito mukhang anak ng isang katulong.

“You’re right on time,” aniya at niluwangan ang bukas ng pinto. “Please come in.”

Tatalikod na sana siya nang mapansin niyang hindi man lang gumalaw ang bagong dating sa kinatatayuan nito. Ni hindi rin ito kumurap. She just

stared at him as though she was in a trance.

Napangiti ang binata. Sanay na siya sa ganoong reaksyon ng mga dalagang nakakakita sa kanya. Ten years ago, he was the ugliest boy in the neighborhood, ngunit ngayon ay mga babae na ang naghahabol sa kanya. Kahit nga alam ng mga ito na may anak na siya ay hindi nawala ang paghanga ng mga ito sa kanya.

He'd had his share of women. Hindi na nga niya maalala ang pangalan ng iba. But everything changed when Chad came to his life. Wala na rin siyang oras para mambabae. Lahat ng spare time niya ay inilalaan niya sa anak.

“Come in,” aniyang muli at sa wakas ay kumurap ito.

“Ah...” she stuttered. Namumula ang mga pisngi nito na parang napahiya. “Pasensya na—”

He raised a hand to interrupt her. “It’s okay. You’re here, anyway. Pasok ka. Ituturo ko lang sa ’yo ang gagawin mo. Late na kasi ako sa work.”

Nakita niyang napaawang ang mga labi ng dalaga. Biglang umiyak si Chad. Mabilis na binalikan niya ang sanggol.

“Here’s your milk, Baby,” aniya at yumukod

para isubo sa maliit nitong bibig ang feeding bottle. Paglingon niya ay nakita niyang nakatayo sa likuran niya ang babae.

“Delia’s your name, right?” tanong niya rito.

Muli itong natulala na parang nagulat sa binanggit niyang pangalan. Kaagad niyang naalala na nagkamali pala siya.

“I mean Dahlia,” he corrected. “Ipinangalan nga pala kayong magkakapatid sa bulaklak.”

Pilit ang ngiti nitong tumango. Something was odd with this young lady, but he had no time to be concerned about it.

“This is my son, Chad,” pagpapakilala niya. “Siya ang aalagaan mo hanggang six p.m. Pakihawak mo lang itong feeding bottle para hindi mahulog. Hindi pa kasi siya marunong humawak. He’s only two months old.”

Parang alanganin pang lumapit si Dahlia at hinawakan ang feeding bottle. Hindi niya maunawaan ang inaasal nito. Para itong mahiyain na hindi niya matukoy. Mabuting tao naman ang ina nito, kaya hindi siguro nito gagawan ng masama ang sanggol. Tatawagan na lamang niya ang pinsan niya mamaya para silipin ang lagay ni Chad.

“Ito ang gatas niya.” Tinapik ni Kell ang ibabaw ng lata ng gatas. “Punuin mo ng hot water ’yung bottle, put three scoops of milk, no sugar, at palamigin mo muna bago mo ipadede. Every two hours, okay?”

Muli itong tumango.

“Anyway, alam mo na siguro ’yan. Sinabi naman ng mama mo ikaw raw nag-alaga sa mga kapatid mo.” Napatingin siya sa wall clock. “I have to go. Manood ka na lang ng TV kung wala kang ginagawa. Kung nagugutom ka, buksan mo lang ’yung fridge. Just keep watch of the baby, okay?”

“O-okay.”

Napangiti si Kell sa nakita niyang pamumula ng mga pisngi ng kaharap. Totoo nga ang sinabi ni Aling Marife na mahiyain ang isang ito.

Dinukot niya ang susi mula sa drawer at nagmamadaling lumabas.

2

Nanatiling nakabuka ang mga labi ni Mai hanggang sa marinig niyang lumabas ang kotse ni Kell sa gate. Kung tama ang pagkakaintindi niya sa pangyayari ay inakala yata ng lalaki na siya ang anak ng kung sinumang kakilala nito na siyang magbabantay sa bata.

“Pagkamalan ba akong yaya,” naibulong niya at ibinalik ang atensyon sa sanggol. Kung sabagay, wala naman siyang gagawin sa umagang iyon. Mamayang hapon pa darating ang mga kaibigan niya, kaya siya na muna ang magbabantay rito hanggang dumating ang babaeng nagngangalang Dahlia.

Napangiti siyang pinisil-pisil ang pisngi ng sanggol. Kanina pa niya ito gustong laruin ngunit nahiya siya kay Kell.

“Ang cute-cute mo, para kang angel. Sana hindi ka magiging kamukha ng daddy mo noong bata siya.”

Sino ba naman ang nag-akala na ang ugly duckling noon ay naging isang gorgeous swan? Pagbukas pa lamang ni Kell ng pinto kanina ay natulala siya sa hindi niya inasahang tatambad sa harapan niya. Wala

na ang braces sa ngipin nito, napakatangkad na ng lalaki na siguro ay aabot sa six feet, and most of all, he was strikingly sexy with his broad shoulders, thick chest, narrow waist and lean hips.

And his smile... Goodness, his smile had taken her breath away instantly. Kapag ngumingiti ito ay nagniningning ang kulay kape nitong mga mata na pinaliligiran ng makapal na lashes. Matangos pa rin ang ilong ni Kell na gaya ng dati, at ngayong wala na ang mga bakal sa ngipin nito ay lumabas ang natural na hubog ng mga labi nito. They were full, firm, and sensual—perfectly made for kissing. And now that he had gained packs of muscles, his jaw and chin became very prominent—a real handsome man indeed.

Overall, he was simply magnificent. Kabaligtaran ng hitsura nito noong nanliligaw pa ito sa kanya.

Alam ng dalaga na napansin nito ang pagkatulala niya kanina, ngunit hindi lamang ito nagpahalata. She just couldn't help it. She wasn't prepared for this encounter. Lalo pa siyang nahiya na binulyawan niya ito nang nakaraang gabi.

She sighed and smiled at the baby. “Ang suwerte naman ng mama mo at nakahanap siya ng kasingguwapo ng daddy mo,” aniya rito.

Matagal niyang pinangarap na sana'y may guwapong manligaw sa kanya, ngunit hindi niya alam kung bakit ilang sa kanya ang mga lalaki. Ang sinabi ng isang kaibigan niya ay nagmumukha raw kasi siyang suplada.

Kung alam kaya niya na magiging ganito kaguwapo si Kell balang araw, sasagutin ba niya ito noong nanliligaw pa sa kanya?

The thought made her grimace. Hindi talaga niya type noon ang kapitbahay at nanginginig siya noong iniisip na magiging boyfriend niya ito. Kung ngayon siguro ay walang dudang magugustuhan niya ito, lalo na't kilalang mabait at masipag. Ngunit hanggang pangarap na lang siguro siya. May asawa't anak na si Kell kaya hindi na ito muli pang magkakainteres sa kanya. Sayang. Kung naisipan sana niyang magbakasyon nang mas maaga ay baka naabutan pa niya itong single.

Nang maubos ang gatas ay maingat niyang hinila ang feeding bottle upang maalis ang rubber nipple mula sa bibig ng sanggol at inilatag iyon sa mesa. Muli niya itong tinitigan at pinisil ang magkabilang pisngi. Nang ngumiti ito sa kanya ay lalo niya itong pinanggigilan.

“Ang cute-cute mo talaga! Nanakawin na lang

yata kita tatal hindi naman ako namukhaan ng daddy mo. Dadalhin kita sa Bristol para may makasama naman ako sa apartment ko.”

Nakakapagtaka, ngunit hindi nga siya namukhaan ni Kell kanina. Sa haba ng panahong lumipas, siguro nga’y nag-iba na ang kanyang hitsura. At mukha itong nagmamadali kanina, kaya hindi na nagsayang ng oras na titigan siya.

Nang humikab ang sanggol ay marahan niya itong tinapik-tapik sa hita hanggang sa pumikit ang mga mata nito. Pinanood niya itong matulog na parang munting anghel. Nang mapansin niya ang orasan ay napag-alaman niyang halos isang oras na pala siya sa bahay ng dating manliligaw.

Tumayo si Mai at dumungaw sa bintana. Mukhang hindi na darating ang yaya ng bata. Hindi siya maaaring magtagal doon dahil kailangan pa niyang ipagluto ang mga darating niyang bisita, ngunit hindi rin niya maaaring iwan mag-isa ang bata.

Nagtungo siya sa kinaroroonan ng telepono para hanapin ang office number ni Kell, ngunit wala siyang nakita roon. Lumingun-lingon siya sa paligid hanggang napansin niya ang higanteng larawan ng ama ng lalaki na nakasabit sa dingding.

Sa caption na nakita niya sa ibaba ng larawan ay napag-alaman niyang pumanaw na pala ang ama ni Kell na siyang founder ng isang semiconductor company na nang lumaon ay naging corporation at ito rin ang namunong presidente.

Sa kabilang dingding ay nilapitan niya ang nakasabit na graduation picture at diploma ni Kell. Magse-second year college pa lang ito noong umalis siya at siya naman ay kaga-graduate lamang ng high school. Tatlong taon lamang pala ang lumipas ay nagbago na ang hitsura nito. Sa isang larawan pang naroon ay nakahawak ito sa malaking trophy at nakasuot ng basketball uniform na ibig sabihin ay naging varsity player din ito.

Ngunit nagtaka siya kung bakit wala siyang makitang wedding picture nito. Siguro ay sa second floor na ng bahay iyon nakadekorasyon. Nais sana niyang makita kung ano ang hitsura ng napangasawa nito, ngunit nakakahiya namang pumanhik pa siya roon.

Bumalik siya sa crib at muling pinagmasdan ang sanggol. Kahit siguro maghapon siya roon ay hindi siya magsasawang panoorin ito. Naiinggit talaga siya sa nanay ng paslit. Kung hindi siguro nag-migrate ang pamilya niya sa Bristol ay happily married na

siguro siya ngayon kay Kell at hindi siya tinatawag na tumatandang dalaga.

“Good morning,” bati ni Kell sa sekretarya niyang si Gie.

“Morning!” balik nito at sinulyapan ang wall clock. “Late po kayo. ’Andito po si Sir Jong kanina.”

“Yep, nasalubong ko siya sa lobby. Nakarating na raw ba ’yung shipment sa Switzerland?”

“Wala pa naman silang response, Sir. Tawagan ko po sila mamayang office hour nila.”

“Good,” tango niya at umupo sa harapan ng kanyang desk. Biglang tumunog ang cellphone niya sa bulsa.

Number ni Aling Marife ang nakita niya sa screen. Siguro ay kukumustahin nito si Dahlia.

“Hello?”

“Kuya Kell, si Dahlia po ito.”

Nagsalubong ang kanyang mga kilay. Parang napakatinis ng boses nito sa telepono kumpara sa narinig niya kanina. “Hi. May problema ba?”

“Kuya, baka hindi na ako makarating diyan. Nag-convulsion po kasi si Mama kanina kaya dinala namin siya dito sa ospital.”

Nanlaki ang kanyang mga mata sa gulat. “What do you mean? You mean hindi ikaw ang dumating sa bahay kanina?”

“H-hindi po, Kuya.”

“Shit!” naibulalas ni Kell at biglang tumindig. “Tawagan kita mamaya.”

“Sir, saan kayo pupunta?” biglang tanong ni Gie nang mapansin nito ang kanyang pagmamadali.

“Emergency, Gie. Ikaw na muna ang bahala dito.” Like a rat in haste, he scampered out of the office and down the basement where he parked his car. Nagulat pa ang security guard nang paharurutin niya ang kanyang kotse palabas ng gate.

Habang nagmamaneho ay kinapa niya ang kanyang cellphone at tinawagan ang kaibigan niyang pulis na si Roy.

“Pare, on patrol ka ba ngayon?” tanong niya.

“Palabas pa lang ako, Tol. May problema ba?”

“Yes, this is crucial. Naloko ako ng babaeng

nagpanggap kanina na yaya ng anak ko. Go to my house and arrest her.”

“You sure?”

“Oo, Pare. Pakibilisan lang at baka hindi mo na siya maabutan.”

“I’m on my way,” sagot ng kausap. “Kung madatnan ko siya, dadalhin ko na siya sa presinto.”

“Yes, at pakikuha na rin si Chad. I’ll be there in thirty minutes kung hindi ako maipit sa traffic.”

“Sige, Pare. I’ll call you later. Relax ka lang baka maaksidente ka. Ako na’ng bahala.”

“Thank you.” Pagbaba ni Kell ng cellphone ay noon lamang niya napansing nanginginig na pala ang mga daliri niya.

He wasn’t sure whatever the motive of that woman was. Sana ay magnanakaw lang iyon at hindi kidnapper. Kung mawawala si Chad sa kanya ay hindi niya alam kung ano ang magagawa niya sa babaeng iyon.

How stupid of him! Napansin na nga niyang may kakaiba sa mga reaksyon nito kanina at hindi rin ito mukhang seventeen years old, kung bakit niya ba iyon pinagkatiwalaan?

Makalipas ang ilang minuto, tinawagan siya ni Roy at ibinalitang naabutan daw nitong inilalabas na ng babae si Chad sa gate, kaya inaresto nito iyon kaagad at dinala sa presinto.

Nakahinga siya nang maluwag. Kidnapping nga talaga ang motibo ng babae. Siguro ay miyembro iyon ng kidnap-for-ransom gang. If Roy was a minute late, wala na siguro si Chad. He was just glad that the real Dahlia called him.

“Where’s my son?” kaagad niyang tanong kay Roy pagpasok niya ng presinto.

Nilapitan siya nito at bumulong. “Pare, ang sabi naman niya ay kapitbahay mo raw siya?”

“She’s lying,” he hissed. “Hindi ko kilala ang babaeng ’yun.”

“Mayette Hidalgo raw ang pangalan niya. Hindi mo kilala?”

“Kilala ko si Mai, at hindi siya ’yun,” panigurado niya. “Niloloko kayo ng babaeng ’yan. Nas’an siya?”

“Sa loob.”

Sinamahan siya ni Roy papasok at nakita niyang nakaupo doon ang babaeng nagpanggap na babysitter. Hawak-hawak nito si Chad.

“Damn it! Give me my son! Wala kang karapatang hawakan siya!”

Biglang tumayo ang babae at mala-tigre ang mga matang isinalubong sa kanya. “At ang kapal ng mukha mo para ipaaresto ako! Ako na nga itong nagmagandang-loob na mag-alaga sa anak mo, pagkakamalan mo pa akong kidnapper!”

“Hindi ikaw ang inatasan kong mag-alaga sa anak ko!” napalakas ang kanyang sigaw.

“Keep quiet, you bastard!” garalgal nitong tugon. “Kung magising lang ul—” Hindi pa man ito natatapos sa sasabihin ay biglang umiyak ang sanggol. “You see? Kung makasigaw ka kasi akala mo kung sino ka! Ayan, ikaw ang magpatahimik diyan. Kanina pa ako naririndi sa iyak niyan.”

Carefully, he took the child in his arms and gently patted him. Nang aalis na sana ang kausap ay muli siyang nagsalita. “Don’t you dare leave this place. I’m suing you for attempted kidnapping.”

Nakapamaywang itong bumalik sa harapan niya. “Ang kapal talaga ng mukha mo! Wala akong balak kidnapin ang batang ’yan. Dadalhin ko lang sana siya sa bahay dahil wala siyang kasama at may mga darating akong bisita.”

“Malay ko ba kung saan mo dadalhin itong anak ko. Hindi naman kita kilala at hindi ko alam kung saang lupalop ka nakatira.”

“Hindi mo ako kilala o bumabawi ka lang dahil *sampung beses* kitang binasted noon?”

Nagsalubong ang kanyang mga kilay at sinipat ang mukha nito. Parang hindi nga yata nagsisinungaling ang kaharap. Ito nga yata ang dati niyang kapitbahay at niligawan na si Mayette. “Mai? Is it really you?”

“Is it really me?” sarkastiko nitong balik. “Jerk!”

Parang noon lang nga niya ito namukhaan. Malaki nga ang ipinagbago ng mukha nito, ngunit ngayong tinititigan na niya itong mabuti ay nahalata rin niya ang mukha ng dati niyang kinahumalingan. “Oh, my God! Ba’t ka kasi hindi nagpakilala agad?”

“I was trying, you idiot, pero daldal ka nang daldal hindi mo man lang ako binigyan ng pagkakataong magsalita.”

“I’m sorry—”

“Sorry ka diyan. Ipinakaladkad mo ako sa mga pulis. Ipinahiya mo ako sa mga kapitbahay.”

“Anything I can do to make it up?”

“You want to make it up? Akin na ’yan.” Without his permission, she took the baby back in her arms. Nagulat na lang si Kell nang bigla siya nitong sipain sa pagitan ng kanyang mga hita.

“Damn!” he growled as he bent to suppress the pain. She just sabotaged those pair of precious and sensitive balls that he had taken extra care of all his life.

“Ayan, quits na tayo,” ani Mai at narinig niya ang nagdadabog nitong mga yabag palabas ng pinto ng interrogation room.

Then he remembered Chad. Kahit hindi pa siya halos makahinga ay hahabulin niya sana ito, ngunit nakita niya si Roy na nakatayo sa pintuan at hawak ang kanyang anak. Tumatawa ito sa nakitang hitsura niya.

“Nalamog ba, Pare?” pabiro nitong tanong.

Humugot siya ng malalim na hininga. “Mukhang hindi na yata masusundan si Chad,” sagot niya na lalong tinawanan ng kanyang kaibigan.